# Spa na nag-aalok ng ‘extra service,’ ikinandado

Balita · 20 Oct 2019 · 4 · Jun Fabon

Ipinasara ng pamahalaang lungsod Quezon ang isang spa na nag-aalok ng “extra service,” makaraang salakayin ng Quezon City Police District (QCPD) at natimbog ang lady therapist, parukyano ng establisyamento, iniulat ng pulisya kahapon.
Kinilala ni QCPD Director, P/Brig. Gen. Ronnie S. Montejo ang naaresto na si Charmaine Gonzales, 28, receptionist ng spa at si Dennis Mendoza, 48, parukyano.
Huli umano si Gonzales at Mendoza habang nage-extra service sa naturang spa.
Una rito, ilang residente umano ang dumulog sa tanggapan ni Montejo at ipinagbigay alam na ang nasabing spa sa No. 1022 Olympia Bldg. E. Rodriguez Sr. Ave. Bgy. Mariana, ng naturang lungsod ay sentro umano ng prostitusyon.
Agad namang nagsagawa ng raid ang pulisya dakong 2:00 ng hapon sa naturang establisyamento at natimbog ang lady therpist at parukyano.
Nabatid na nakatakas ang manager ng spa na si Mary Jean Aranas alyas “George Bautista” at may-ari na alyas “Dianne.”
Samantala na-rescue naman ang apat pa na female therapists at dinala na sila QC-SSDD.
Napag-alaman pa na sa pamamagitan ng online ay ipinapakita umano ang mukha ng mga babae ng spa at nag-aalok ng extra service.